

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapahalaga Niya sa iyo at sa pagtutustos ng mga pangangailangan mo. Ipanalangin na maintindihan at mapaniwalaan mo na sapat ang kabutihan Niya para sa iyo, at mabigyan ka Niya ng kakayahan na mamuhay sa Kanyang kabanalan araw-araw.
- Ipanalangin na habang tinutustusan ng Diyos ang iyong pangangailangan, ikaw ay maging pagpapala sa iba, at magabayan mo sila upang makilala ang kabutihan Niya.
- Ipanalangin na uunahin mo ang mapabilang sa kaharian ng Diyos at ang pagsunod sa Kanyang kalooban, at na habang nabubuhay ka para sa Kanya, maipapahayag mo ang ebanghelyo sa iyong pamilya at mga kaibigan.

NOTES

WARM-UP

- Ano ang pinakamahal na regalo ang natanggap mo? Kanino ito galing? Ano ang naramdaman mo nang matanggap mo ito?
- Naranasan mo na bang mag-ipon para sa isang bagay na gustong-gusto mo? Ibahagi ang karanasang ito.
- Nagaplano ka ba para sa kinabukasan o gusto mo ang mabuhay sa bawat paglipas ng araw? Bakit ito ang gusto mong paraan ng pamumuhay?

WORD

“Kaya sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mag-alala tungkol sa inyong buhay – kung ano ang inyong kakainin, iinumín o susuotin. Dahil kung binigyan kayo ng Diyos ng buhay, siguradong bibigyan din niya kayo ng pagkain at isusuot.” **MATEO 6:25**

(Basahin din ang **MATEO 6:26-34.**)

Sinimulan ni Jesus ang pahayag na ito gamit ang salitang “Kaya” bilang pagtatapos ng mga naunang berso tungkol sa pagpapahalaga sa mga bagay na may habambuhay na kabuluhan at pagmamahal sa Diyos. Binigyan Niya ng bagong kahulugan ang pananaw ng mga disipulo tungkol sa buhay. Sa halip na mag-alala kung ano ang *kakainin, iinumín, at susuotin* nila, hinamon sila ni Jesus na tumingin sa isang mas mahalagang bagay. Ito ay totoo rin sa atin ngayon. Sa araling ito, matututunan natin kung ano ang pinahahalagahan at iniuutos ng Diyos, at ipinapangako Niya upang mapagtagumpayan natin ang pag-aalala at pagkabalisa.



1 Ang Pinahahalagahan ng Diyos

²⁶"Tingnan ninyo ang mga ibon sa himpapawid. Hindi sila nagtatanim, o nag-aani . . . ngunit pinapakain sila ng inyong Amang nasa langit. Hindi ba't mas mahalaga kayo kaysa sa mga ibon?" **MATEO 6:26**

Inihalintulad ni Jesus ang Kanyang mga disipulo sa *mga ibon sa himpapawid* at sa *mga damo sa parang*. Ipinaliwanag Niya kung paanong ang mga ito ay hindi *nagtatanim* o *nag-aani*, subalit pinapakain at dinadamitan sila ng Ama. Ipinaalala ni Jesus na mas mahalaga pa tayo kaysa sa mga ito, kaya hindi tayo dapat mag-alala. Ibibigay ng ating Ama ang pangangailangan ng mga pinahahalagahan Niya, dahil alam Niya kung ano ang kailangan natin. Paano tinutustusan ng Diyos ang mga pangangailangan mo at ng iyong pamilya?

2 Ang Iniuutos ng Diyos

³¹"Kaya huwag kayong mag-alala kung ano ang inyong kakainin, iinumun, o susuotin. . . . ³³Kaya unahin ninyo ang mapabilang sa kaharian ng Diyos at ang pagsunod sa kanyang kalooban . . ." **MATEO 6:31,33**

Inutusan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na huwag mag-alala, dahil alam nila na pinahahalagahan sila ng Ama. Dahil mga anak tayo ng Diyos, pinahahalagahan Niya rin tayo. Kaya hindi natin dapat alalahanin kung paano tayo kukuha ng pagkain, inumin, at damit. Sa halip dapat nating unahin ang *mapabilang sa kaharian ng Diyos* at sumunod sa Kanyang kalooban. Tiyak na matatanggal nito ang pag-aalala sa mga bagay na pansamantala lamang, at sa halip ay maitutuon ang ating pansin sa Diyos na walang hanggan. Ano ang ibig sabihin ng unahin ang mapabilang sa kaharian ng Diyos?

3 Ang Ipinangako ng Diyos

³³" . . . ibibigay niya ang lahat ng pangangailangan ninyo. ³⁴Kaya huwag na kayong mag-alala tungkol sa kinabukasan, dahil ang bukas ay may sarili nang alalahanin. Sapat na ang mga alalahaning dumarating sa bawat araw." **MATEO 6:33,34**

Sa pag-una natin sa Kanyang kaharian, ipinangako ni Jesus na ibibigay Niya ang lahat ng ating pangangailangan. Sinabi pa Niya na hindi natin dapat alalahanin ang kinabukasan dahil ibibigay Niya ang kakayahan upang malampasan natin ang lahat ng mga alalahanin sa araw-araw. Ang sagot sa ating pag-aalala at pagkabalisa ay ang kaalaman at tiwala na pinahahalagahan at iniingatan tayo ng Diyos. Ano ang ilan sa mga ipinangako ng Diyos sa talatang ito?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na pinadala Niya ang Kanyang Anak na si Jesus upang tugunan ang pangangailangan mo para sa isang Tagapagligtas? Handa ka bang tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas ngayon?
- Naniniwala ka ba na ang Diyos ay patuloy na magbibigay ng lahat ng iyong pangangailangan? Pumili ng Kasulatan na maaari mong pagnilayan ngayong linggo upang lumago ang pagkaunawa mo sa pagiging mapagbigay, mabuti, at mapagmahal ng Diyos.
- Inuuna mo ba ang kaharian ng Diyos nang higit sa lahat? Paano mo ito magagawa araw-araw?